REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 88-19

KAPASIYAHAN NA MAGLAGAY NG "PORTRAIT OIL PAINTING" NG KASALUKUYANG AT DATING MGA PUNONGBAYAN NG MUNTINLUPA SA BULWAGAN NG IKALAWANG PALAPAG NG GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN.

6 - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang portrait (larawan) ng kasalukuyan at dating mga puneng bayan na nanungkulan sa pamahalaang bayan ng Muntinlupa ay magsisilbing alaala sa kanilang mahusay at matapat na paninilbihan sa bayan;

SAPAGKAT, ang mga larawan ang nagpapakilala sa lahat ng namunong ama ng bayan ng Muntinlupa sa mga kasalukuyan at susunod pang salin-lahi ng pamayanan;

SAPAGKAT, ito'y pagdakila at pagsariwa sa alaala ng mga punong-bayan na maaaring magbigay ng inspirasyoh at maging huwaran ng mga kabataan at naninilbihan sa pamahalaang bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na maglagay ng "portrait oil painting" ng kasalukuyan at dating mga punong bayan ng Muntinlupa sa bulwagan ng ikalawang palapag ng gusali ng pamahalaang bayan.

PINATIBAY ng buong pagkakaisa ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 13 pangkaraniwang puleng na ginanap neong ika-9 ng Mayo 1988.

PINATUTUNAYANG TUTOO :

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN : RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

RRC:vts